# Balitang Manmin

BILANG 168 NOBYEMBRE 20, 2016

# Puno ng Kaluwalhatian ang Ika-34 na Anibersaryo ng Manmin

## Ipinagdiwang ng mga Espesyal na Bisita mula sa 20 Bansa




Pinasalamatan at niluwalhati ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang Diyos (litrato 1) na nagbigay ng pagpapala sa Manmin. Mayroon na ito ngayong 11,000 sangay at katuwang na iglesya, at mga bisita mula sa Korea at ibang bansa (litrato 6, 7, at 8). Lubos na nagalak at nasiyahan ang mga tao sa mga pagtatanghal sa selebrasyon na idinulot ng mga awiting papuri mula sa Diyos, mga pagtugtog ng mga instrumento, at mga sayaw na nagpapakita ng kagandahan ng Langit (litrato 2, 3, at 4), at sa mga kaganapan na ginawa sa labas o patio ng iglesya (litrato 5, 9, at 10).

Noong Oktubre 9, 2016, idinaos ng Manmin Central Church ang kanilang ika-34 anibersaryo sa pamamagitan ng pagsamba at pagdiriwang na mayroong mga pagtatanghal. Ipinalabas ito sa 170 mga bansa ng GCN at internet. Dinaluhan ito ng mga taong nagmula pa sa 20 bansa tulad ng Estados Unidos, Russia, Israel, Egypt, India, France, Australia, Colombia, at Kenya. Isinalin sa siyam na wika ang buong programa para sa mga dumalo tulad ng Ingles, Frances, Kastila, Ruso.

Nagbahagi ng mga mensahe ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, Pagsamba sa Linggo ng Umaga, at Pagsamba sa Linggo ng Gabi. Ang naging paksa ng mensahe niya ay “Kaluwalhatian” batay sa aklat ng Haggai 2:9. Sa mga mensahe, nagbalik-tanaw siya sa kasaysayan ng Manmin, binanggit niya na matagal na itong nagbabahagi ng ebanghelyo sa bansa at nagmimisyon sa buong mundo sa loob ng 34 na taon. Nagpasalamat at niluwalhati niya ang Diyos na tumutulong sa iglesya sa mga pagpapahayag ng mga himala. tanda, at kababalaghan.

Ang pamagat ng pagtatanghal ng Komite ng Sining para sa selebrasyon ay “Kaluwalhatian”. May mga awitin din na nagmula sa Diyos mismo. Tungkol din sa “Kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem” ang pagtatanghal, ipinakita dito ang kasiyahan at kaligayahan ng mga makakapasok sa Bagong Jerusalem.

Habang nagsisiawitan at nagsisisayaw sa entablado ang mga nagtatanghal, mayroong ipinapalabas sa espesyal na telon sa harapan ng entablado at pati sa mga dingding at kisame ng bulwagan. Sabayan ito sa pagtatanghal at pagtugtog ng Nissi Orchestra. Napakaganda nito, nailarawan ng mga dumalo sa isipan nila ang kagandahan ng Bagong Jerusalem, nadagdagan ang pag-asa nilang makarating sa Langit.

Sinabi ni Pastor Deborah Derilah Juma, mula sa DR Congo, “Ipinapakita ng Manmin Central Church ang pag-ibig ng Diyos. Napuspos ako ng Banal na Espiritu, pakiramdam ko, nasa Langit na ako.”

Sinabi ni Kapatid Cynthia McMillan, mula sa Australia, “Pinahirapan ako ng insomnia, pero pagkatapos kong makipagkamay kay Dr. Jaerock Lee, gumaling ako. Magmula noon, mahimbing na ang tulog ko.”

Ayon kay Dr. Nikolai Iunchis, “Hinaplos ng paglilingkod, pagmamahal, at napakagandang pagtatanghal ng mga miyembro ang puso ko. Napakahusay nilang magpahayag ng kapangyarihan at punung-puno ng inspirasyon ang mga espiritu nila.”

Sa halamanan ng iglesya, mayroong lugar kung saan pwedeng magpalitrato. Nilagyan ito ng makukulay na bulaklak, may karwahe at duyan na puno ng bulaklak, at isang malaki at napakagandang hagdanan na patungo sa Bagong Jerusalem. Naghanda ng pagkain para sa mga miyembro ang mga grupo ng misyon para sa mga kalalakihan, kababaihan, Canaan, at mga kabataan. Nagalak ang mga bisita, mga pamilya nila at mga kamag-anak ng mga miyembro sa okasyong ito.

Noong Oktubre 7, sa ikalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, nagkaroon ang iglesya ng espesyal na pagtatanghal para ipagdiwang ang anibersaryo. Ang titulo ng pagtatanghal ay “Kaluwalhatian” at “Piging ng Kasalan sa Himpapawid.” Nadama ng mga manonood ang makakamit nilang kaluwalhatian bilang mga babaing pakakasalanan ng Panginoon kapag nagkatagpo sila sa alapaap.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Dahilan Kung Bakit Ipinako si Jesus sa mga Kamay at Paa

"Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsuway, Siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa Kanya ang parusa para sa ating kapayapaan, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." (Isaias 53:5)

Nagdusa si Jesus sa krus ayon sa kalooban ng Diyos na nagnanais na iligtas ang makasalanang sangkatauhan. Ano ang kahulugan ng pagpako kay Jesus sa mga kamay at paa Niya?

### 1. Ang Dahilan Kung Bakit Ipinako si Jesus sa mga Kamay at Paa

Kadalasan mabilis matapos ang proseso ng pagbitay, kaunti lang ang sakit na ipinararamdam nito sa katawan ng tao. Pero, kapag ipinako sa krus ang isang tao, matinding sakit ang idudulot, at hindi agad ito nakakamatay. Kapag ipinako ang mga kamay at paa sa krus na kahoy na itinayo sa lupa, lahat ng bigat ng tao ay bababa, mas lalong sasakit at hahapdi ang mga ipinakong bahagi. Bukod dito, dahil iniwasang ipako ng mga taga-bitay ang mahahalagang bahagi ng katawan ng tao, tuloy-tuloy ang pagdanak ng dugo nito, nasasaktan at nagdudusa ito hanggang sa huling hininga.

Bakit ipinako si Jesus sa mga kamay at paa Niya? Ito ay para tubusin ang tao mula sa mga kasalanang ginawa at gagawin pa sa pamamagitan ng mga kamay at paa.

Mababasa sa Marcos 9:43-45, "Kung ang kamay mo ay nakapagpapatisod sa iyo, putulin mo ito. Mas mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na baldado, kaysa may dalawang kamay at mapunta sa impiyerno, sa apoy na hindi mapapatay, [na kung saan ang kanilang mga uod ay hindi namamatay, at ang apoy ay hindi napapatay.] Kung ang paa mo'y nakapagpapatisod sa iyo, putulin mo ito. Mas mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pilay kaysa may dalawang paa ka at maitapon sa impiyerno." Tinubos tayo ng walang kasalanang si Jesus mula sa mga kasalanang ginawa ta gagawin natin sa pamamagitan ng mga kamay at paa. Ipinako ang mga kamay at paa Niya at dumanak ang dugo Niya hanggang sa mamatay Siya.

Kaya sinumang tumanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagligtas ay patatawarin, hindi na niya kailangang putulin ang mga kamay at paa niya, kung magsisisi siya, mawawala lahat ng kasalanan niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Para mapatawad ang mga kasalanan natin at mapigilan tayong mahulog sa apoy ng Impiyerno, dumaan si Jesus sa matinding paghihirap sa krus.

Pero may mga nagsasabi na nananampalataya sila kay Jesus at nagsisisi sila sa mga kasalanan nila, pero nabubuhay pa rin sila sa pagkakasala. Sinasabi sa atin ng 1 Juan 1:6, "Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa Kanya, at tayo'y lumalakad sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi natin ginagawa ang katotohanan." Kung totoong naniniwala kayo na ipinako si Jesus sa mga kamay at paa Niya, at nagdusa Siya sa krus dahil sa mga kasalanan ninyo, hindi na kayo gagawa ng kasalanan.

### 2. Lumakad sa Liwanag para Lumaya mula sa Sumpa ng Batas

Ang walang bahid ng kasalanang si Jesus ay isinumpa, namatay Siya sa krus na kahoy para sa atin, at tayo na naniniwala na napatawad na tayo mula sa mga kasalanan ay lumaya na mula sa sumpa ng batas. Ang mga nagtitiwala at tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas ay nakalaya mula sa mga karamdaman, kahinaan, kahirapan, at lahat ng klaseng kapahamakan.

Kaya ang mga anak ng Diyos na tumanggap sa Panginoon at sumusunod sa Salita Niya ay lagi Niyang inaalagaan. Kung may dumating sa kanilang mga pagsubok at pagdurusa kahit sumusunod sila, ang layunin ng mga pagsubok na ito ay para magkaroon sila ng mga pagpapala. Ayon sa Santiago 1:12, "Mapalad ang taong nagtitiis ng pagsubok, sapagkat kapag siya ay subok na, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagmamahal sa Kanya." Ibig sabihin, kapag nagtagumpay sa mga pagsubok ng may pagpapasalamat, tatanggap ng mga biyaya sa espiritu at katawan.

Anong gagawin ninyo kung magkakaroon kayo ng mga pagsubok at pagdurusa dahil sumuway kayo sa Salita ng Diyos? Magsisi kayo agad at talikuran ang masasamang gawain. Sa sandaling buwagin ninyo ang pader ng kasalanan at manalangin ng may pananampalataya, maitataboy agad ang mga pagsubok at pagdurusa. Kung minsan, kahit hindi kayo gumawa ng kasalanan, magkakaroon kayo ng paghihirap. Ito ay dahil sa mga problema. Sa pagkakataong ito, kikilos ang Diyos ayon sa pananampalataya ninyo kung magtitiwala kayo sa Kanya. Dahil si Jesus ay isinumpa sa krus, mapapatawad ang mga kasalanan ng sinuman sa pamamagitan ng pananampalataya at mapapalaya mula sa sumpa ng batas.

Ang ibig sabihin ba nito kapag sinabi nating, "Panginoon, naniniwala ako!" patatawarin na tayo nang walang kondisyon? Sinasabi sa atin ng Biblia sa 1 Juan 1:7, "Ngunit kung tayo'y lumalakad sa Liwanag, na tulad Niya na nasa Liwanag, may pakikisama tayo sa isa't isa, at ang dugo ni Jesus na Kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan." Ang kondisyon para mapatawad sa kasalanan ay ang 'pagsunod natin sa Liwanag'. Wala kayong makikita sa Biblia na sinasabing maliligtas kayo kahit nagpapatuloy kayo sa paggawa ng kasalanan.

Sinasabi din ni Jesus sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng, 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa Langit." Ibig sabihin, ang kapatawaran ay ibibigay at ang perpektong kaligtasan ay matutupad kung tatanggapin natin si Jesus bilang sariling Tagapagligtas, magsisisi sa mga kasalanan, magsisikap na hindi magkasalang muli, at lalakad sa daan ng Liwanag.

### 3. Ang Magkaibang Pagkakasulat ng Pahayag ng Dalawang Magnanakaw (Kriminal) na Nakasulat sa Biblia

Nang si Jesus ay ipako sa krus, maraming tao ang dumating, ininsulto at kinutya Siya ng mga ito. Sa magkabila Niya, may ipinakong dalawang kriminal. Basahin natin ang isinulat sa Biblia tungkol sa kanila, Mateo 27:44, "Sa gayunding paraan ay inalipusta Siya ng mga tulisan (kriminal) na ipinako sa krus kasama Niya." Pero mula sa Lucas 23:39-43, isang kriminal na lang ang nagpatuloy sa 'pag-alipusta' kay Jesus, at 'pinagsabihan' ito ng isa.

Paano ipapaliwanag ang magkaibang pahayag? Ito ay bahagi ng plano ng Diyos para ang mga magbabasa sa darating na henerasyon ay magkaroon ng malinaw na larawan ng pangyayari. Isipin ninyo: tatlong krus na nakatayo sa tuktok ng Golgotha, maraming taong dumating para panoorin ang pagbitay. May mga sundalong Romano na pumigil sa dumarating pang mga tao gamit ang kanilang mga sibat at panangga.

Dahil napakagulo at napakaingay ng mga taong nasa paligid, ang sinasabi lang ng kriminal na nasa harapan nila ang narinig nila ng malinaw, hindi nila narinig ang sinabi ng kriminal na mas malayo sa kanila. Sa madaling salita, parang inalipusta rin si Jesus ng kriminal na nagsisi. Pero maliwanag na narinig ng mga taong nakatayo malapit sa kriminal na nagsisi ang sinabi ng dalawang kriminal at ni Jesus kaya nagpahayag sila ng tamang salaysay tungkol sa pangyayari.

Pwedeng ipahayag ng Makapangyarihang Diyos sa sumulat ng Biblia ang bawat detalye tungkol sa pangyayari. Pero sa nangyaring magkaibang pagkakasulat ng salaysay, niloob ng Diyos na basahin ng mga tao ang Biblia na may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu para magkaroon sila ng malinaw na pagtingin sa pagpako kay Jesus sa krus na maitutulad sa isang pelikula na ipinapalabas sa magandang sinehan.

Kaya kapag may nabasa tayo sa Biblia na iba sa nakasanayan nating opinyon, sa halip na husgahan natin ito sa pamamagitan ng makalaman na saloobin at pamantayan, intindihin muna natin ang espirituwal na kahulugan nito sa tulong ng Banal na Espiritu.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ngayong batid na ninyo ang dahilan kung bakit ipinako si Jesus sa mga kamay at paa, tanggapin ninyo ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan maniwala kayo dito. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na pagpalain nawa ang mga kamay at paa ninyo bilang mga mensahero na naghahatid ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Maiintindihan ninyo ang Salita ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu, at tatamasahin ninyo ang lahat ng kapangyarihan at biyaya na nararapat sa isang anak ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin











## "Malinaw ang Paraan na Ipinapakita ni Dr. Jaerock Lee para Makilala ang Diyos at ang Panginoon"

Dr. Mikhail Morgulis, Presidente ng Spiritual Diplomacy, Estados Unidos

Sa loob ng 10 taon, nagpapatuloy ang malapit na pakikitungo ko sa Manmin Central Church, napapasaya nito ang espiritu ko. Nais ng Diyos na ipahayag natin ang pagmamahal natin sa Kanya. Ipinapakita ni Dr. Lee ang pagmamahal niya sa Diyos sa bawat isang sermon na ipinapangaral niya. Ito ang pinakamahalagang paksa ng mga ito.

Maraming pastor ang nagsasalita tungkol sa Diyos, at maraming mananampalataya ang gustong lumapit sa Panginoon, kaya lang, hindi nila alam kung paano lalapit sa Kanya. Pero dahil sa mabuting halimbawa ni Dr. Lee, naipapakita niya ang daan patungo sa Diyos at sa Panginoon.

Sa pinapamahalaan kong World Holiness Center, may kopya ng lahat ng libro ni Dr. Lee na naisalin sa iba't ibang wika. Pinakamarami ang mga libro na isinulat sa wikang Ruso dahil maraming bumibisita rito na mga bansang tulad ng Ukraine and Belarus na Ruso ang wikang ginagamit. Nagpapalabas din kami ng mga programa sa telebisyon na tungkol kay Dr. Lee.

Totoong ipinapakita ng lahat ng mga pagtatanghal ng Manmin ang pagmamahal sa Diyos. Nadama ko ang presensya ng Diyos at ng Banal na Espiritu habang pinapanood ko ang pagtatanghal sa selebrasyon. At hindi lang iyan, bumuhos sa Manmin mula sa langit ang kagalakan. Hallelujah!

## "Ito ang Kapangyarihan ng Pag-ibig, Puno ng Enerhiyang Espirituwal"



Dr. Oleg Ostreiko, Tagapangulo ng Komite na Nagsasaayos ng Kumperensya ng WCDN sa Russia para sa taong 2017

Nalaman ko ang tungkol sa Manmin nang daluhan ko ang mga kumperensya ng WCDN. Ang pagtatanghal sa selebrasyon para sa ika-34 anibersaryo ay napakaganda at kamangha-mangha. Parang pagdiriwang ito sa langit at pinapapurihan ang pangalan ng Diyos, punung-puno ito ng pag-ibig. Gustung-gusto ko ito. Lahat ng mga papuri, sayaw, at musika ay napakaganda. Hindi ko malilimutan ito.

Nadama ko ang pag-ibig ng Diyos nang puntahan ko ang lugar ng Muan Sweet Water. Damang-dama ko ang enerhiyang espirituwal pagdating ko pa lang sa lugar kung saan mahimalang naging tubig na pwedeng inumin ang tubig na mula sa dagat. Nang maglublob ako sa tubig, napakasaya ko at mapayapa. Nakita ng asawa kong si Lyudmila na ngumiti ang Panginoon nang magbukas ang espirituwal na mga mata niya.

Sa taong 2017, gagawin sa St. Petersberg, Russia ang kumperensya ng WCDN. Magiging pagdiriwang ito para sa Diyos, sa mga doktor ng medisina, at sa mga mananampalataya.

Ang bawat minuto at bawat segundo na lumilipas habang nakikilala ko ang mga taong tunay na nagmamahal sa Diyos at tumatanggap ng pag-ibig Niya sa Manmin Central Church ay napakahalaga sa akin, pinapasaya ako ng mga ito.

## "Inaasam Ko ang Salitang Makapangyarihan na Babago sa Maraming Tao sa Aking Bansa"



Bishop Gerges Morgan Poktor, Tagapangulo ng mga Iglesyang Pentecostal sa Ehipto

Sa tuwing pupunta ako sa Manmin Central Church, nadadama ko na nagiging mas makapangyarihan si Dr. Lee.

Nagsagawa siya ng isang pagpupulong sa Pakistan kung saan mas nakakarami ang mga Muslim. Marami ang pinagaling niya mula sa kanilang mga karamdaman, at sa pagpupulong na ginaganap, marami ang tumatanggap sa Panginoon. Pinahayo si Pastor Taesik Gil, niluwalhati niya ang Diyos sa hindi mabilang na pagpapagaling gamit ang panyong makapangyarihan na idinalangin ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Nangyari din ito sa Ehipto. Nagkaroon ng espirituwal na pagbabago ang mga miyembro ko, naitaboy nila ang kaaway na diyablo at Satanas. Maraming dumalo sa simbahan at nagpasalamat sa Diyos. Nagrehistro pati mga Muslim pagkatapos nilang maranasan ang kapangyarihan ng Diyos.

Nagsisikap akong madagdagan ang kaalaman ko sa mga itinuturo ni Dr. Lee, gusto kong sundin ito. Ipapamahagi ko ang ebanghelyo ng kabanalan at ipapamigay ko ang mga libro ni Dr. Lee dahil binabago nito ang buhay ng isang tao at napakaraming aral ang makukuha dito.




## "Kagiliw-giliw ang mga Mananampalatayang Nagmamahal sa Diyos ng Buong Puso"



Bishop Olumasai Nicholas Omunyangoli, Tagapangulo ng Kenya Evangelism News Churches

Naantig ang damdamin ko nang malaman ko na ang mga tirahan sa Langit ay ipagkakaloob ayon sa sukat ng pananampalataya ng bawat isa. Bukod dito, ipinakita sa akin ng ebanghelyo ng kabanalan ang paraan para maging isang tunay na Cristiano na totoong nagmamahal sa Diyos. Ganito ang sinabi ko sa mga pastor ng 65 na mga iglesya na kabilang sa denominasyon ko, at pumayag sila na makiisa kami sa Manmin.

Gusto kong makita ang taong tumanggap ng Salita ng Diyos dahil sa napakaraming pag-aayuno at pananalangin. Pumunta ako sa Korea para sa ika-34 anibersaryo ng Manmin Central Church para mas matuto at mag-abang ng mga bagong kapangyarihan na ipapakita ng Diyos sa amin. Ang Salita ng buhay at mga patotoo ng pagpapagaling at pagsagot sa mga dalangin ay napakarami.

Higit sa lahat, naantig ang damdamin ko sa mga miyembrong nagmamahal ng buong-puso sa Diyos. Nakakamanghang makita silang nananalangin nang higit pa sa dalawang oras bawat gabi. Gusto kong makiisa sa Manmin kung saan umaapaw ang mga pagpapala at biyaya.

## "Dapat Maipakita sa Lahat ng Tao sa Buong Mundo ang Magandang Pagtatanghal na Ito"



Dr. Andre Gasiorowski, Tagapagtatag at Presidente ng Helping Hands Coalition

Habang nasa Israel ako, inasam ko na ang pagbisita ko sa Manmin Central Church, parang Langit kasi ito sa akin. Kung sasagutin ko sa isang salita ang tungkol sa pinakanakamamanghang karanasan ko sa Manmin, ang sasabihin ko ay, "Pag-ibig". Matindi ang damdamin at pag-asam nila sa Diyos. Kinakatawan nila ang Manmin Central Church.

Iisa ang tema ng mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ito ang simpleng mensahe na nais niyang magpakabanal tayo para makarating sa pinakamaluwalhating Langit. Ang mga pagtatanghal nila ay nakakamangha, parang nasa Langit na ako, hindi ko maipaliwanag kung gaano kadakila ito. Naniniwala ako na dapat maipakita sa buong mundo ang napakagandang pagtatanghal na ito.

Paghahandaan ng Helping Hand Coalition ang isang pandaigdigang okasyon para ipagdiwang ang ika-70 anibersaryo ng Estado ng Israel. Pangungunahan ito ng Presidente ng Israel, at maraming Cristiano ang darating para basbasan at suportahan ito. Inaanyayahan ko si Dr. Jaerock Lee sa kaganapang ito. Hahanap-hanapin ko ang lahat ng mga miyembro ng Manmin. Pagpalain nawa kayo ng Diyos!

Mrs. Elena Litvina, Tagapamahala ng Kumperensya ng WCDN sa Russia para sa Taong 2017

## "Hirap Akong Maglakad Dahil sa Rayuma sa Tuhod, Pinagaling Ako"



Ginastos ko ang kalahati ng suweldo ko sa pagpapagamot ng rayuma ko sa tuhod. Pero lumala pa rin ito, hindi na ako makapaglakad ng maayos.

Gusto ko talagang makapunta sa Manmin Central Church sa Korea, kaya napapaluha ako habang idinadalangin ko ang tungkol dito. Sa katunayan, parang imposibleng makarating ako dito pero nangyari naman, dala-dala ko ang napakaraming gamot ko.

Noong Oktubre 7, 2016, bago dumating ang Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, tinanggap ko ng personal ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nakakamangha, parang gumaan ang pakiramdam ng mga binti ko, bumuti ang pakiramdam ko. Kinabukasan, wala na ang sakit na dulot ng rayuma, wala na din ang pamamaga. Masayang-masaya ako.

Noong Oktubre 8, Sabado, naglibot kami sa Seoul. Umakyat at bumaba ako sa hagdanan tulad ng ibang tao, wala akong naramdamang sakit. Nagpapasalamat ako sa Panginoon na nagpagaling sa akin, at sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714